

1

“Kawawa naman siya,” buntong-hininga ni Katherina Atienza habang nakatingin sa isang lalaking mag-isang nakaupo sa mesang di-kalayuan sa kanila ng kaibigan.

“Sino?” Iniangat ni Lao ang ulo mula sa pinagkakaabalang game sa cellphone para tingnan lang kung sino ang sinasabi niya.

Iniungos niya ang labi para ituro ang tinutukoy.

“Hello?” Nanlalaki ang mga mata nito. “Ano’ng nakakaawa diyan? Nakakaawa ba siya dahil mukhang walang kahit kapinggot na taba sa abs niya? O baka naman dahil maliit para sa kanya iyong upuan? Ay, alam ko na nakakaawa siya dahil naglalaway lahat ng babae at baklang napadaan sa tabi niya? Gaga! Iyan ang pinakamalayang kaawaan sa buong mundo, ’no?”

“Andami mo namang sinabi. Ang gusto ko lang namang sabihin, kawawa siya kasi magpapakasal na sa iba iyong girl na gusto niya. Antagal pa naman niyang nanligaw.”

“At habang nanliligaw siya, nagpakasasa ka sa chocolates na binibigay niya kay Lisa dahil allergic ’yung tao tsokolate.”

Naalala niya tuloy ang sandamakmak na dark Belgian chocolates na ibinigay sa kanya ng kaibigan at dating kaopisinang

Lisa.

Ang engagement ni Lisa kay Lex Olivares ang siyang dahilan ng pagiging naroon niya sa marangyang ancestral house ng pamilya Olivares. Sa totoo lang, hindi niya inakalang magkakatuluyan ito at ang former chickboy and unbeliever in any form of commitment na si Lex. Pero ngayon ay halatang smitten sa kanyang kaibigan ang kanilang boss. Habang pinapanood niya ang dalawang nag-uusap na para bang ang mga ito lang ang tao sa garden reception na iyon, parang nakini-kinita na niya na they were going to grow old together, be happy ever after...

Well, bagay talaga ang dalawa. Natutuwa siya dahil alam niyang mahal ni Lisa si Lex. Pero alam din niya na minsan itong minahal ng lalaking nasa tapat niya, na ngayon ay mag-isa at hindi niya mabasa ang iniisip, mukha pa ngang bored more than anything. Hindi iisipin ng sinumang naroon na minsan nitong inalok ng kasal si Lisa.

Sa katunayan ay iyon ang pinakamalaking dahilan kung bakit naawa siya rito at naiinggit sa kanyang kaibigan. Jeremy Olivares was in love with Lisa. Samantalang siya...

Suwerte na kung alam ng binata na nabubuhay siya sa mundo.

“Huy!” tawag sa kanya ni Lao.

“What?”

“Te, baka matunaw. Sayang naman.”

“Ang alin?”

“Iyang tinititigan mo.”

Namula ang mga pisngi niya. Hindi nga niya alam na tinititigan niya pala ito. Iiwas na sana siya ng tingin, pero nang sandali pang iyon pinili ni Jeremy na tumingin sa direksyon niya. His gaze reminded her of the dark Belgian chocolates. Irresistable. Lalong nag-init ang mukha niya. Pero pinilit lang niyang ngumiti na parang wala lang, hindi siya affected at hindi nag-double sommersault ang puso niya sa tingin nito.

Ginantihan ni Jeremy ang ngiti niya sa paraang ngumingiti ang isang tao sa isang parang napapa-pamilyaran ito pero walang kasiguraduhan kung sino siya eksakto.

Isinubo niya ang nalalabing ice cream na nasa kutsara niya para maisip ng lalaki na hindi talaga siya busy sa pagmamasid dito at nagkataon lang ang pagkakatingin niya sa direksyon nito. Lumapad ang ngiti ni Jeremy na para bang may bigla itong naisip na nakaka-amuse. Pinanood niya ang pagtayo nito at ang casual na paglapit sa kinaroroonan nila.

“Kat, right?” anito nang makarating sa gilid niya. May accent ito na Australian kung magsalita. Sabi ni Lisa ay nag-aral daw kasi ito sa Australia bago bumalik sa Pilipinas para patakbuhan ang cargo business ng mga Olivares.

Tumango siya dahil may lamang ice cream ang bibig niya at hindi siya makasagot.

Tumungo ito at inilapit ang mukha sa tainga niya. “You owe me a lot of chocolates,” sabi nito.

Hindi ito naghintay ng reaksiyon niya. Bagkus ay naglakad nang palayo. Nag-brain-freeze siya nang subukan niyang lunukin nang buo ang ice cream sa bibig. Inabutan siya ni Lao ng isang basong tubig habang tila mahuhulog na ito sa upuan sa katatawa.

“Kat! Principal’s office!” Nakasilip sa nakaawang na pinto ng office niya si Ellen Da Messenger.

“Pupunta na! Thank you,” sagot niya. Ibig sabihin ng ‘Principal’s Office’ ay pinatatawag siya ng big boss. Dinampot niya ang kanyang notebook at ballpen at naglakad patungo sa office ni John Alexander Olivares. Kababalik lang nito mula sa isang linggong bakasyon matapos ang engagement party nito.

Nakangiti sa kanya si Lex pagbukas niya ng pintuan.

“Hi, Kat!” bati nito, flashing that irrisistable smile na tila ibiniyaya sa lahat ng kalalakihang Olivares.

“Hi, Sir. Welcome back.”

“Thank you, Kat. Upo ka.”

Sumunod siya. Pagkaupo ay inilapag niya sa kandungan

ang dalang notebook at naghandang makinig.

“Kat, how do you feel about working in Cambodia?”

Hindi niya napigilang mapanganga. “Sir?” Baka mali lang ang pakinig niya.

“Actually, this is not *Sports Plus* related. You know my cousin Rem, right?”

Rem? Of course kilala niya si Jeremy. Haler? Last week lang ay may close encounter siya rito. Pero bago pa man niya nalaman na pinsan ito ni Lex, matagal na matagal na niyang kilala si Rem Olivares. Noon pa lang napanood niya ang commercial nito ng engine oil kung saan nagda-drive ito ng kotse na ang suot lang ay... well, mantika yata iyon sa buong katawan nito. Naka-pants din nga pala ito pero susko, kapag nakita ninuman ang dibdib ni Rem na nakahubad at pinaliguan ng oil, hindi mo na maisip tumingin sa iba. So, right, kilala niya talaga ito. Feeling niya nga, kilalang-kilala niya every inch of Jeremy Olivares’s gorgeous body.

“Yes, Sir,” sagot niya.

“Si Rem ang in-charge sa aming cargo business. Mag-o-open kami ng operation sa Cambodia so he is going there. Kailangan niya ng HR person to oversee completion of the staff requirement. Kare-resign lang ng HR head nila at humihingi siya sa amin ng tulong kung sino ang puwede niyang hiram na mapapagkatiwalaan. Naisip kita.”

“Sir? Serious ka, ano?”

Natawa ang boss niya. “Of course I am serious. Kailangan ka niya doon ng mga three months, just to be in charge of setting up the Human Resource.”

Mabilis gumana ang utak niya. Sa isang banda, hindi pa siya nakakarating sa Cambodia. Sa katunayan, hindi pa siya nakakalabas ng bansa at ambisyon niyang makabisita ng iba’t ibang lugar. Unfortunately, hindi siya ipinanganak na mayaman para magawa iyon agad-agaran. Pinag-iipunan pa niya. Sa kabilang banda, tatlong buwan kasama si Jeremy? Susko lang. Baka kailangan niyang magkumpisal araw-araw dahil tuwing makikita niya ito ay nagkakasala siya ng impure thoughts.

“Ano sa palagay mo, Kat?”

“May simbahan po ba sa Cambodia?”

“Uhm, yeah. And I know the Filipino expat communities there ay nagpapamisa. Religious ka pala?”

Napalunok siya. “Yes, Sir.”

She was tapping her fingers impatiently on her lap. Ilang minuto na lang at alam niyang magsasarado na check-in counter ng flight niya at ilang minuto pa rin ang layo niya sa *Centennial Airport*. Iniisip pa lang niya kung paano ipaliliwanag kay Rem na hindi siya makakasabay dahil sa pagka-late niya ay parang nasa

lalamunan na niya ang tensyon niya. Paksyet kasi ang traffic. Dapat ay mas maaga siya kung hindi lang sala-salabit ang mga sasakyan sa dinaanan niya.

Nakarating siya sa wakas. Sinuwerteng may mga sampung minuto pa. Agad hinanap ng kanyang mga mata ang magiging boss niya sa susunod na tatlong buwan. Nakadagdag iyon sa tensyon niya. O sa excitement niya ba nakadagdag? Hindi niya masigurado.

Bago pa masagot ang tanong na iyon ay nahanap na niya ito, pero sa palagay niya ay hindi lang siya siya ang nakatagpo rito. Nakatayo si Jeremy a.k.a. Rem Olivares, former race circuit superstar and engine oil endorser malapit sa check-in area, napapalibutan ng apat na naghahagikgikang babae na naghahalinhan sa pagpapa-picture dito.

Lumiwanag ang mukha nito nang makita siya at tinupunan siya ng tinging parang-awa-mo-na-iligtas-mo-ako. Sabagay, ilang pagkakataon ba naman ang makukuha niya para maging knightess-in-shining-armor sa kanyang dude-in-distress na ito. Nagmamadali siyang humakbang palapit dito.

“Oh, Hon, there you are,” malakas na bati nito sa kanya.

Sabay-sabay na tumingin sa kanya ang apat na babae. Sumesenyas sa likod ng mga ito si Rem.

“Sorry... uhm... Sweetheart, I am late.” Mabagal ang pagpa-process ng utak niya, pero parang tama naman siya dahil tila

nakahinga nang maluwig na ngumiti ito sa kanya.

Humarap ito sa mga babae. “Girls, this it. Dumating na ang commander-in-chief ko. Nice meeting all of you.”

Walang tuminag sa kinatatayuan, walang gustong maniwala sa binata na girlfriend nga siya. Sabagay, kung siya man ang mga ito, hindi rin siya maniniwala. Seriously. Bawat isa sa apat na babaeng iyon ay parang mas may karapatan sa papel na iyon. Mukha kayang apat na models na nasa gimikan ang mga ito at hindi sa gitna ng international airport.

Mukhang naramdaman ni Rem kung ano ang eksaktong naisip niya tungkol sa pagduda ng tatlo. At tila may naisip ito dahil nakita pa niya ang bahagyang pagkislap ng mga mata nito bago humakbang palapit sa kanya.

“It’s okay, Hon. You can be late. You’re worth the wait. I missed you,” anito.

Bago pa man niya naisip ang gagawin nito ay bigla nitong hinapit ang kanyang baywang at hinalikan siya ng pagbati. Hindi halik na beso. Hindi sa pisngi. He kissed her right on her lips. Hindi rin smack lang ang ginawa nito o baka iyon lang ang unang intensyon nito. Basta naramdaman na lang niya ang marahang pagbubukas ng mga labi nito na sinundan ng hindi boluntaryong pagbubukas ng bibig niya. And then, she was kissing Rem Olivares earnestly.

Isa na lang ang nalalabing isipin sa utak niya. Tama ang

hinala niya ukol dito—mas makasalanang pa ito kaysa sa chocolate, dahil wala pa siyang nalasahang chocolate na kasing-tamis ng halik nito.

Nang sa wakas ay tumigil ito ay nahihilong napatingin siya sa mga mata ng binata. Sigurado siyang kalituhan din ang nababasa niya roon. Para bang ito man ay may hindi naintindihan sa halikang naganap gayong ito ang nagsimula niyon. Ilang segundo bago niya napansin na nakatingin din sa kanila ang apat na babae, bahagyang nakaawang ang mga bibig. Sabay-sabay pang kumurap ang mga ito at pagkatapos ay nag-mumble ng pamamaalam.

Naiwan silang dalawa roon. Rem slowly broke into a sheepish smile. “I am so sorry. Please know that I don’t normally greet an employee like that,” sabi nito sa Australian accent na sa palagay niya ay nakadagdag sa kaseksihan nito.

Employee? Oo nga naman. Kasabay ng paghinggi nito ng tawad ay ang paglalagay nito sa tamang posisyon niya. Kalmado siyang nagsalita. “I get it. Kinukulit ka n’ong mga girls and you wanted to make sure na ma-gets nila na hindi ka available.”

“Thanks, ah... Katherina...” Mukhang sinaliksik pa nito sa utak ang pangalan niya.

“It’s Kat,” pakli niya.

“Of course. I’m sorry, Kat.”

A Wish Of You - Carla Giopalo

Naligtas siya sa discomfort ng pagsagot dahil nag-announce ng last call for check-in ang counter nila. Nagmadali na silang lumapit doon. Kinuha nito ang passport at e-ticket niya at nag-check-in ito para sa kanilang dalawa.

Gaano kamali ang simulan ang unang araw na naging opisyal ang pagtatrabaho nila bilang boss at HR staff sa pamamagitan ng paghahalikan?

It was uncomfortable, to say the least. Hindi niya alam kung paano ito kakausapin, pero parang may magnet ang mga mata niyang manaka-nakang sinusulyapan ito at kada titingnan niya ito, naalala niya ang pakiramdam ng halik nito. At tuwing magkakadikit silang dalawa, pakiramdam niya ay nakukuryente siya. Kaya naman sumiksik siya sa airplane seat niya palayo rito.

“Come on, Kat. I promise I will not touch you again so you can relax. Sasakit ang likod mo sa puwesto mong iyan,” sabi nito sa kanya bilang patunay na hindi ito unaware sa nangyayari sa kanya.

Ginawa pa niyong mas nakakahiya ang sitwasyon niya, na mas pinalala pa ng kanyang tendency na maunahan ng bibig ang utak niya kapag nininerbyos. “Eh, kasi nagugulat ako kapag nadidikit ka sa akin.”

She gave herself a mental kick when he seemed to find that amusing. “That’s weird. Bakit ka nagugulat?”

A Wish Of You - Carla Giopalo

Nagbuntong-hininga siya. “Hindi ko sure.”

“You’re funny,” anito. “Do you always say what you feel?”

“Yes. Sa kasamaang palad. Isang sumpang namana ko sa nanay ko.”

“Nah, I think it’s refreshing.”

Sa puntong ito ay puwede nang magprito sa mukha niya sa sobrang init niyon. Pero nang dinagdagan pa nito iyon ng, “I like you, Miss Katherina Atienza. I think it would be interesting to work with you...” bawal nang magprito sa mukha niya dahil matutusta ang pagkain.